# ANG NAGKALAT NA MGA BASAG NA ITLOG

**Ni Lucy Stevenson Ewell**
Mga Magasin ng Simbahan
(Batay sa tunay na buhay)

*Gumulong ang isa pang itlog sa mesa.* Plok!

Umikot si Sasha sa suot niyang matingkad na kulay-rosas na palda. Iyon ang paborito niyang isuot sa simbahan. At ngayon ay oras na para sa paborito niyang bahagi sa pagsisimba. Primary!

Tinutulungan sila ng guro ni Sasha na matutuhan ang Mga Saligan ng Pananampalataya. Ngayo'y pinag-aaralan nila ang ika-13. Mahaba iyon! Pero sabi ni Sister Banda, "Alam kong kaya ninyong matutuhan ang unang bahagi. 'Naniniwala kami sa pagiging matapat.' Saba-yan ninyo ako!"

"Naniniwala kami sa pagiging matapat," sabi ni Sasha at ng iba pang mga bata.

Kalaunan nang linggong iyon, naglaro si Sasha at ang nakababata niyang kapatid na si Alfred sa kusina. "Naiinip ako," sabi ni Alfred.

"Ako rin." Pagkatapos ay nakakita si Sasha ng ilang itlog sa mesa. Mukhang magandang pag-laruan ang mga iyon. "Ah, may naisip ako. Laro tayo!"

Kumuha ng isang itlog si Sasha. "Tumayo ka sa kabi-lang dulo ng mesa," sabi niya kay Alfred. Pagkatapos ay pinagulong niya ang itlog papunta kay Alfred. Nagtawa-nan sina Sasha at Alfred. Pagewang-gewang ang itlog!





"Ikaw naman!" sabi ni Sasha.

Pinagulong ni Alfred ang itlog pabalik sa kanya. Pero sa pagkaka-taong ito ay hindi diretso ang pag-gulong ng itlog. Sa halip, lumiko ito at nahulog mula sa mesa. *Plok*! Bumag-sak ang itlog sa sahig, at nagsanhi ng malagkit na kalat.

Pinandilatan ni Alfred si Sasha. Pag-katapos ay pareho silang napahalak-hak. "Tara, ulitin natin!" sabi niya.

Kumuha ng isa pang itlog si Sasha. "Saluhin mo ito bago malaglag!" sabi niya. Pinagulong niya ang itlog nang mas malakas kaysa rati. Hindi iyon nasalo ni Alfred. *Plok*!

Kumuha ng dalawa pang itlog si Alfred. Pinagulong niya ang mga iyon nang mas mabilis. Hindi ito kaagad napigilan ni Sasha. *Plok*! *Plok*! Lalo pang naghagikgikan sina Sasha at Alfred.

Pagkatapos ay narinig ni Sasha na para-ting na si Inay. Lagot! Mapapagalitan sila!

Ayaw ni Sasha na magalit sa kanila si Inay. Baka puwede silang mag-imbento ng kuwento. Puwede niyang sabihin kay Inay na hindi sila ang gumawa niyon.

Pero naalala ni Sasha ang ikalabintatlong saligan ng pananampalataya. "Naniniwala kami sa pagiging matapat."

"Ano'ng nangyari?" tanong ni Inay. Tiniti-gan niya ang kalat sa sahig. "Sino ang naka-basag ng mga itlog?"

Huminga nang malalim si Sasha. "Sori po, Inay. Kami po ni Alfred. Akala po namin masayang paglaruan ang mga itlog. Pero hindi po pala magandang ideya iyon. Tutulong po ako sa paglilinis."

"Ako rin po," sabi ni Alfred.

Niyakap ni Inay sina Sasha at Alfred. "Salamat sa pagsasabi ninyo sa akin ng totoo."

Ngumiti si Sasha. Pag-katapos ay bumaling siya kay Alfred. "Siguro puwede tayong gumawa ng bagong laro—tungkol sa paglilinis!"



*Ang kuwentong ito ay naganap sa Zambia.*



Ano ang ginawa ni Sasha nang magta-nong si Inay tungkol sa mga itlog?

MGA LARAWANG-GUHIT NI VALENTINA BELLONI